

AWTORISASYON PARA SA PAGLALABAS NG IMPORMASYON, MGA LITRATO O RECORDING PARA SA MGA LAYUNIN NG KOMUNIKASYON O RELASYONG PANG-MEDIA DS 6017-TAG (Rev. 09/2024)

MGA INSTRUKSYON:

Ang awtorisasyong ito ay dapat kumpletuhin at pirmahan ng isang konsumidor, o ng kanyang personal na kinatawan kapag ang Department of Developmental Services ("Department") o ang mga ahente at kaakibat nito ay gumagamit o nagsisiwalat ng mga litrato, recording, o anumang iba pang personal na makikilalang impormasyon ng isang konsumidor para sa mga layunin ng komunikasyon o relasyong pang-media. Nauunawaan ng konsumidor o ng kanyang personal na kinatawan na ang awtorisasyong ito ay boluntaryo at hindi kinakailangan sa pag-enroll ng konsumidor sa mga serbisyo, pagiging karapat-dapat, pagbabayad (kung naaangkop), paggamot o pangangalaga.

Para sa isang konsumidor na nasa hustong gulang, ang isang "personal na kinatawan" ay maaaring isang conservator (kung naaangkop) o ibang indibidwal na may legal na awtoridad sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ng konsumidor. Para sa isang konsumidor na menor de edad, ang isang "personal na kinatawan" ay isang magulang, legal na tagapag-alaga o iba pang tagapag-alaga na may legal na awtoridad sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ng konsumidor. Ang mga terminong "litrato," "recording" o "record" ay mangangahulugang anumang audio o motion picture o still photograph sa anumang format kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, digital, audiotape, videotape, CD/DVD, o anumang iba pang mekanikal o elektronikong paraan ng pagre-record o pagpaparami ng mga larawan.

AWTORISASYON PARA SA PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT

Gaya ng nakatakda nang detalyado sa ibaba, ako na si *[ilimbag ang pangalan ng konsumidor/personal na kinatawan]* _____, sa pamamagitan nito ay inaawtorisahan ang paggamit ng mga litrato, recording, at/o personal na makikilalang impormasyon ni *[ilimbag ang pangalan ng konsumidor]* _____, *[ilimbag ang petsa ng kapanganakan ng konsumidor]* _____, para sa komunikasyon o mga aktibidad ng relasyong pang-media ng Department nang walang kompensasyon.

Sino ang magsisiwalat ng impormasyon:

Ang Department at/o ang mga ahente at kaanib nito? Ang makikilalang impormasyon, mga litrato, at mga recording, na isisiwalat o gagamitin para sa isang aktibidad ng komunikasyon o relasyong pang-media ng Department makukuha lamang mula sa iyo o sa mga nakikibahagi sa iyong pangangalaga at paggamot.

Iba pang mga ahente/kaakibat:

Sino ang gagamit o tatanggap ng impormasyong ito:

Ang iyong impormasyon ay matatanggap ng isang kinatawan ng komunikasyon mula sa Department o sa mga sumusunod na indibidwal:

Ang tinukoy na makikilalang impormasyon, mga litrato o mga recording sa awtorisasyong ito ay ilalathala sa isa o higit pa sa mga sumusunod na outlet at magagamit ng publiko (mangyaring lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):

- ☐ Publikasyong Pang-edukasyon/mga Video/YouTube Channel
- ☐ Elektronikong Paglalathala (hal., pampublikong website-www.dds.ca.gov)
- ☐ Social Media (hal., Facebook/Twitter/Instagram)
- ☐ Promosyon/Advertising
- ☐ Lokal/Panrehiyon/Pambansang Himpilan ng mga Balita
- ☐ Iba pa (mangyaring ilarawan): _____

Ang uri ng impormasyon ang gagamitin o isisiwalat:

Makikilalang pangkalusugan at personal na impormasyon tungkol sa iyo, mga litrato, at/o mga recording na may kaugnayan sa iyong pangangalaga at paggamot sa loob ng konteksto ng mga aktibidad na komunikasyon o relasyong pang-media ng Department.

Maaaring gamitin o isiwalat ang sumusunod na impormasyon (mangyaring tukuyin):

Ang layunin para sa paggamit o pagsisiwalat:

Ang iyong impormasyong inilalarawan sa itaas ay maaaring gamitin para sa sumusunod na aktibidad/mga aktibidad na komunikasyon o relasyong pang-media ng Department:

Kapag nag-expire ang awtorisasyong ito:

Mag-e-expire ang awtorisasyong ito sa pagtatapos o sa partikular na aktibidad na komunikasyon o relasyong pang-media kung saan ka sumang-ayon na lumahok, o bago lumampas ng **Hunyo 30, 2030**, alinman ang mas matagal.

Pagkatapos ng pag-expire ng awtorisasyon na ito, wala nang karagdagang paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyon, mga larawan o mga recording ang gagawin ng Department, maliban kung ang awtorisasyon para sa naturang karagdagang paggamit o pagsisiwalat ay hayagang ibinigay mo o ng iyong personal na kinatawan. *Mangyaring tandaan na kasunod ng isang aktibidad na komunikasyon o relasyong pang-media ng Department, ang iyong impormasyon, mga litrato, o mga recording ay maaaring kunin at pagkatapos ay muling mai-print o muling mai-broadcast at maisiwalat sa ibang tao, entity at/o media outlet na hindi konektado sa Department.*

Paano mo mababawi ang awtorisyong ito:

Maaari mong bawiin ang awtorisasyong ito sa anumang oras. Bago ang anumang paglalabas ng impormasyon, may karapatan kang baguhin o bawiin ang Awtorisasyon na ito (magbago ng iyong isip at huwag payagang mailabas ang impormasyon), maliban kung:

- 1) Naibigay na ng DDS ang mga record na nakadepende sa awtorisasyon; o
- 2) Ang pahintulot na ito ay nakuha bilang isang kundisyon ng pagkuha ng insurance coverage, ang ibang batas ay nagbibigay sa insurer ng karapatan na labanan ang isang claim sa ilalim ng patakaran o ang patakaran mismo.

Kapag binawi mo ang awtorisasyon, hindi pahihintulutan ng Department ang karagdagang pagpapalabas ng iyong impormasyong tinukoy sa awtorisasyon na ito. Mangyaring unawain na ang Department ay maaaring hindi mabawi ang anumang mga litrato, recording o iba pang makikilalang impormasyon na inilabas na. Maaari kang magsumite ng anumang mga pagbawi sa pamamagitan ng email sa DDS Privacy Officer sa PrivacyOfficer@dds.ca.gov o ipadala sa:

Department of Developmental Services
ATTN: Office of Legal Affairs, DDS Privacy Officer
1215 O Street, MS 9-30
Sacramento, California 95814
(916) 654-1716 Fax

Pagkilala sa mga Karapatan:

Sa pagpirma sa awtorisasyong ito, nauunawaan at kinikilala ko ang mga sumusunod na karapatan:

- 1) Maaaring gamitin o isiwalat ng Department o mga ahente at kaakibat nito ang impormasyong tinukoy at inilalarawan dito, para sa mga layuning inilalarawan dito.
- 2) Maaari kong tanggihan ang pagpirma sa awtorisasyon na ito upang gamitin o isiwalat ang aking mga litrato, mga record o iba pang makikilalang impormasyong inilalarawan dito.
- 3) Ang pagpapatupad ng awtorisasyong ito ay hindi nakakondisyon sa aking pag-enroll sa mga serbisyo, pagiging karapat-dapat, pagbabayad (kung naaangkop), pangangalaga, o paggamot.
- 4) Ang pahintulot na ito ay mananatiling may bisa alinsunod sa nabanggit na petsa ng pag-expire.
- 5) Nauunawaan ko na maaari kong bawiin ang awtorisasyon na ito sa anumang oras, sa kondisyon na gagawa ako ng kahilingan para sa pagpapawalang-bisa nang nakasulat sa Privacy Officer ng Department. Higit ko pang nauunawaan na ang aking kahilingan para sa pagpapawalang-bisa ay tutuparin maliban sa abot na ang Department ay nakagawa na ng aksyon na nakasalalay sa awtorisasyon na ito at hindi maaaring kanselahin ang publikasyon o mabawi ang pamamahagi
- 6) Nauunawaan ko na ang anumang mga larawan, recording, o impormasyong ginamit o isiniwalat ay maaaring sumailalim sa muling pagsisiwalat ng tatanggap at samakatuwid ay hindi mapapailalim sa proteksyon ng mga batas sa pagkapribado ng estado at pederal na pamahalaan. Kabilang dito ang muling pamamahagi sa pamamagitan ng elektronikong media.
- 7) Nauunawaan ko na may karapatan ako at tatanggap ako ng kopya ng form na ito pagkatapos nitong makumpleto at mapirmahan.

Nabasa ko ang form na ito at lubos na nauunawaan ang nilalaman ng awtorisasyong ito. Sa pagpirma sa ibaba, kinikilala ko na nabasa at tinatanggap ko ang lahat ng mga tuntunin sa itaas.

KONSUMIDOR

Kung ang konsumidor ay wala pang 18 taong gulang, kailangan ng pirma ng Magulang, Legal na Tagapag-alaga o Conservator.

Ilimbag ang Pangalan: _____

Address: _____

Lagda: _____ Petsa: _____

PERSONAL NA KINATAWAN

Ipinapahayag ko na ako ang magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad na bata, o ako ang personal na kinatawan, o ang itinalagang conservator ng konsumidor na nasa hustong gulang na pinangalanan sa itaas, at ako ay may legal na karapatang ibigay ang awtorisasyong ito sa ngalan ng konsumidor.

Ilimbag ang Pangalan: _____

Address: _____

Lagda: _____ Petsa: _____

KUNG ISINALIN ANG AUTHORIZATION

Ilimbag ang Pangalan: _____

Wika: _____

Lagda: _____ Oras: _____ Petsa: _____

Confidential Client Information
See Welfare & Institutions Code Sections 4514-4518;
5328; Civil Code section 56, et seq.; Government Code
Section 6254; and 45 C. F. R. Parts 160 and 164

~ This Space for Department Use Only ~
*COPIES OF ALL SIGNED FORMS SHOULD BE DELIVERED TO THE
DEPARTMENT PRIVACY OFFICER AND REMAIN ON FILE FOR THE
DURATION OF THE COMMUNICATION OR MEDIA-RELATION ACTIVITY.*

Petsa	Paglalarawan ng Pagbabago	Tagarepaso
08/29/2024	Office of Legal Affairs – Pag-update ng petsa ng pag-expire ng awtorisasyon	Privacy Officer